

## **MGA SUHAY/SALIGAN**

Isinalin ni Hansley Juliano

Kung sila-sila rin lang, hindi kaya ng mga namumuno na: mangalap ng buwis, magpatupad ng mapaniil na mga batas at regulasyon, patakbuhan nang nasa oras ang mga tren, maghanda ng pambansang badyet, magsaayos ng daloy ng trapiko, maglimbag ng salapi, magkumpuni ng kalsada, sanayin ang pulis at hukbong sandatahan, magpamudmod ng selyong panliham, maski maggatas ng baka. Inilalaan ng taumbayan ang mga serbisyong ito sa mga namumuno sa pamamagitan ng iba-ibang organisasyon at institusyon. Kung titigil ang mga tao na ibigay ang mga serbisyong ito, hindi sila makapamamahala nang maayos. Kapag naintindihan na nating ganito ang kalakaran ng kapangyarihang politikal sa lipunan, maiintindihan natin kung paano ginagamit ang kapangyarihan. Bagaman ang taumbayan ang may hawak ng kapangyarihan sa lipunan, epektibo lamang nilang nagagamit ito kapag sila ay nagsasama-sama—sa pamamagitan ng mga organisasyon o institusyon (tulad ng kapulisan, kawanihan ng pamahalaan, mga unyon ng manggagawa, pangkat ng mga negosyante, atbp.). Maaaring mayroon sa mga itong pumanig sa inyong kalaban, at mayroon ding lilinya kasama ninyo.

Tinatawag natin ang mga ito na mga “suhay” / “saligan” sapagka’t sila ang sinasandigan ng istruktura ng kapangyarihan sa lipunan. Sa simula ng bawa’t di-marahas na pakikihamok, malamang na marami sa mga organisasyong ito ang tutulong sa iyong kalaban. Kapag nagsimulang umatras sa pagsuporta sa iyong kalaban ang mga ito (at bumalikwas patungo sa iyo), hindi na makapananatili ang kontrol ng iyong kalaban.

**IDEYA:** Kapag hindi sumusuporta ang taumbayan, hindi makapaghahari ang sinuman!

**SPO1:** Bigyang kahulugan / kilalanin kung sinu-sino ang maituturing na “suhay” / “saligan”.

Para sa ating kaalaman, binibigyang-kahulugan natin ang mga “suhay” / “saligan” nang ganito:

---

“Itinuturing ang mga suhay / saligan bilang mga institusyon at bahagi ng lipunan na nagbibigay sa isang kasalukuyang rehimen ng pinagkukunang kapangyarihan; kailangan sila upang panatilihin at palawakin ang kapangyarihan nito.”

---

Dr. Gene Sharp, sa *Waging Nonviolent Struggle*

### **Graphic 1 Terms for Translation (house w/pillars)**

1. **Local Community** = Pamayanan
2. **Bureaucracy** = Burukrasya
3. **Educational System** = Sistemang Pang-edukasyon
4. **Organized Religion** = Mga pangkat-relihiyoso
5. **Media** = Mga peryodista / pahayagan
6. **Business/Commercial Institution** = Mga institusyong pangkomersyo/pangnegosyo

### **Graphic 2 Terms for Translation (concentric circles)**

1. **Mayor** = Alkalde
2. **City Council** = Sangguniang Panglungsod
3. **Local Bureaucrats** = Kawaning Panlokal
4. **Community Leaders** = Mga pinuno sa pamayanan/komunidad
5. **Business Leaders** = Mga pinunong pang-negosyo
6. **Citizens** = Mga mamamayan

Sa baw't lipunan, may iba-ibang suhay / saligan na makikilala. Kabilang dito ang: kapulisan, sandatahang-lakas, mga namamayaning institusyon gaya ng mga hukuman at komisyong panghalalan, serbisyo sibil, sistemang pang-edukasyon, mga organisadong relihiyon, mga pahayagang kontrolado ng pamahalaan, mga negosyante, at iba pang pangkatin.

**MAHALAGA:** Kilalanin ang pagkakaiba sa pagitan ng mga “suhay” / “saligan” at ng mga gawaing panlipunan.

Pansinin na hindi natin inilista ang mga gawaing panlipunang tulad ng “ekonomiya” o “relihiyon” bilang mga “suhay” / “saligan”. Itinuturing nating mga “suhay” / “saligan” ang mga institusyong *lumilikha at nagsasagawa* ng mga gawaing panlipunan. Kung nais mong impluwensyahan ang lipunan, dapat mong kilalanin at pagtuunang-pansin ang mga institusyon at organisasyon (mga “suhay” / “saligan”) na nagbibigay-lakas sa kasalukuyang latag ng kapangyarihan, pati na mga gawaing panlipunan.

**SPO2:** Unawain ang halaga ng *paglabas sa* (kaysa sa *pagpasok sa*) iba-ibang suhay / saligan.

Mahalaga para sa isang di-marahas na kilusan na maimpluwensyahan ang kilos ng mga tao sa loob ng baw't suhay / saligan, sa pamamagitan ng:

- Pagsira sa kanilang katapatan sa iyong mga kalaban
- Pagkumbinsi sa kanilang huwag ibigay ang kanilang mga kakayahan, kaalaman, kapasidad at oras para sa iyong mga kalaban.

**IDEYA:** Piliin mo nang maayos ang iyong mga di-marahas na kilos. Sikapin mong “lumabas”/ “bumaklas” kaysa “pumasok” / “magsumiksik” sa bawa’t isang suhay.

Kapag matagumpay na naimpluwensiyahan ng isang di-marahas na kilusan ang isang partikular na suhay/saligan, makakahanap ng mga paraan ang mga nasa loob ng suhay/saligan na ito upang talikuran ang iyong kalaban at kanyang mga kapanalig. Maaari silang a) tahasan o di-tahasang sumuway sa utos; b) di-kumilala sa utos, o c) sumunod lamang sa utos nang mabagal, di-maayos o di-sapat. May mga suhay/saligan ding maaaring magsimulang sumuporta (tahasan o di-tahasana) sa iyong kilusan.

Upang maimpluwensiyahan ang kilos ng bawa’t suhay/saligan, mahalagang maintindihan ang pagkakaiba ng *paghila ng mga kasapi ng isang suhay/saligan patungo sa iyo, at ng pagtulak sa kanila palayo sa iyong kilusan.*

Tignan bilang halimbawa ang *diagram* sa nakaraang pahina. Kung nais mong sirain ang katapatan ng mga sundalo ng isang hukbo, ginagawa ito ng mga matagumpay na kilusan ng nakaraan sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa kanila sa kalsada. Ipaalala sa kanila na sila ay mga ama, anak, asawa at mamamayan. Hikayatin sila sa kanilang pagkamakabayan. Pangakuan sila na mas makakabuti sa kanila at sa kanilang pamilya ang isang lipunang pinatatakbo ng oposisyon. Ang ganitong klase ng kilos ang maghihila palayo sa katapatan ng mga sundalo mula sa pangunahing saligan at patungo sa inyo sa oposisyon. Sa kabilang banda, ang mga kilusang lumalaban sa mga sundalo sa kalsada, binabato sila o dinadahas sila ay kadalasang magtutulak sa kanila pabalik sa pangunahing suhay ng estado. Ito ang dahilan kung bakit binubuyo ng mga mapaniil na pamahalaan ang oposisyon na mandahas. Alam nilang mapapalapit ang mga sundalo nila sa kanila, at mas magaganyak silang sumunod sa utos.

**SPO3:** Ipakita ang mga paraan kung paano ginagamit ang kapangyarihan sa bawa’t suhay/saligan. Tantiyahin ang halaga ng bawa’t saligan/suhay sa iyong lipunan.

Sa bahaging ito, pag-aaralan natin ang mga kadalasang katangian ng iba-ibang karaniwang suhay/saligan.